# "Gumaling ang Scoliosis Ko Pagkatapos Tumanggap ng Panalangin sa Panaginip"

**Kapatid na Inae Choi** (Eastern Gwangju Manmin Church)



"Inae! Banatin mo ang likod mo. Ituwid mo ang mga balikat mo habang naglalakad." Napakapangit ng tindig ko simula noong bata pa ako. Nalaman ko lang na may scoliosis ako noong nasa mataas na paaralan na ako, pagkatapos magpasuri. Wala akong nararamdamang masakit, kaya hindi ko ito pinapansin. Mas kumportable akong maupo nang nakatungo. Kaya hindi naging maganda ang tindig ko. Dahil dito, lalong lumala ang scoliosis ko.

Tatlong taon na ang nakakaraan, nakaramdam ako ng sakit sa dulo ng gulugod ko. Lalong lumala ito noong isang taon, habang nasa eskuwelahan at gawain sa simbahan. Hindi ako mapakali, kailangan kong iba-ibahin ang pagkakaupo ko. Hirap din akong tumayo dahil sa sakit. Samantala, may mga kamangha-manghang nangyayari sa akin.

Noong Mayo 20, nagkataong nakipagkamay ako sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee pagkatapos ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes ng Gabi. Batid ko ang kuwento tungkol sa babaing dinudugo sa loob ng labindalawang taon na nakasulat sa Lucas 8:44. Nang mahawakan niya ang laylayan ng balabal ng Panginoon, tumigil ang pagdurugo niya. Naalala ko rin ang kuwento sa Ang Mga Gawa 5:15. Dinadala ng mga tao ang mga may sakit sa kalye para kapag dumaan si Pedro, madaanan man lang ng anino niya ang ilan sa kanila. Habang iniisip ko ang mga ito, taimtim ang pag-asa kong makaranas ng ganoong kapangyarihan ng Diyos.

Noong Mayo 22, pagkatapos ng Pulong Panalanging Daniel, saglit akong nanalangin bago matulog. Nagkaroon ako ng hindi pangkaraniwang panaginip. Ipinatong ni Dr. Lee ang kamay niya sa likod ko. Nang sandaling iyon, nag-init ang likod ko, pakiramdam ko tumalbog ang tiyan ko. Habang ibinabahagi ko kay Dr. Lee ang karanasang iyon, sinabi niya sa akin na magbigay ako ng patotoo tungkol dito sa reception desk ng simbahan. Sinunod ko siya sa panaginip.

Nang sumunod na araw, nagulat ako sa nakita ko sa salamin pagkagaling ko sa eskuwelahan. Tuwid na ang mga balikat ko! Tuwid na rin ang buong katawan ko. Gumanda ang tindig ko. Napakasaya ng buong pamilya ko kapag nakikita nila akong naglalakad na may magandang tindig. Napagtanto kong napagaling ako ng panalangin ni Dr. Lee sa panaginip ko. Hindi na sumasakit ang dulo ng gulugod at likuran ko kapag nasa eskuwelahan.

Noong Hunyo 4, nagpa X-ray ako sa ospital. Normal na ang resulta. Hallelujah!

Sa katunayan, tumanggap ng kahanga-hangang mga biyaya ang pamilya ko mula sa Diyos. Nagamot ang anorexia ng nakababata kong kapatid na babae at nawala ang pagiging sugapa sa alak ng tatay ko dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Kamangha-mangha ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos.

Nitong nakaraang taglagas, napagtanto kong dapat ay mas madalas akong manalangin at palakasin ang sarili sa Salita ng Diyos habang ibinabahagi ang ebanghelyo sa kaibigan kong nalulungkot sa pagkamatay ng tatay niya. Simula noon, nagbabasa na ako ng Biblia at laging nananalangin. Tumigil na ako sa panonood ng TV, at nagsimulang maingat na basahin ang mga libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus* at *The Measure of Faith*. Itinapon ko na rin ang mga modernong CD at mga libro na gustong-gusto ko mula sa aking pagkabata. At umaasa na ako sa Bagong Jerusalem. Ipinapanalangin ko rin ang pamilya ko, mga kaibigan, at ang mga tao sa paligid ko at pati na ang sarili ko.

Lubos na nagbago ang buhay ko dahil sa Diyos, na namatay sa krus para sa akin, at namamagitan para sa akin at tumutulong sa akin ang Banal na Espiritu. Sa pagpapala ng Panginoon, naranasan ko ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu dahil sa panaginip. Iniaalay ko ang lahat ng pasasalamat sa mahal na Panginoon. Ibinibigay ko rin ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos Ama.

Ang scoliosis ay baluktot na gulugod na dapat ay tuwid. Kung hindi ito gagamutin, palaging sasakit ang likod. Kung ang isang tao ay may scoliosis, hindi pantay ang mga balikat niya at hindi magandang tingnan. Dahil nagiging sanhi ito ng mga problema sa mga bahagi ng loob ng katawan, dapat itong gamutin kaagad.

# "Masaya Ako Kapag Nananalamin Ako"

**Kapatid na Bomba Nyamsuren**
(Mongol Manmin Church)



Masayang masaya ako tuwing tumitingin ako sa salamin, dahil ang mga sintomas ng pagiging kalbo ay nawala na at nagkaroon ako ng mas maganda at malusog na buhok.

Noong Oktubre 1, 2010, nagsimulang malagas ang buhok ko mula sa tuktok. Lumala ito kaya pinaahit ko na ang ulo ko at nagsuot na lang ng peluka pagkatapos ng 10 araw. Nainis ako sa kalagayan ko. Gayon pa man, natitiyak kong magagamot ang kondisyon kong alopecia areata dahil marami na akong naranasang mga pagpapagaling magmula nang dumalo ako sa Mongol Manmin Church noong Mayo.

Noong panahong iyon, may sakit ako sa bato. Hindi ako makatulog at madalas nag-iiniksyon ako sa bahay. Samantala, nagsagawa ng Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12) si Pastor Hyunkwon Choo ng Manmin Central Church sa aming simbahan. Gumaling ako dahil sa panalangin niya!

Noong Enero 2011, binalikan ko ang mga pangyayari sa buhay ko at inasam na maranasang muli ang kapangyarihan ng Diyos. "Bakit nalalagas ang buhok ko?" Sa sampung araw na pag-aayuno, lubos kong pinagsisihan na hindi ko totoong mahal ang pinsan ko at nagsinungaling ako sa kanya.

Noong Enero 29, dumalo ako sa Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling kasama ang Misyonerong si Botzorig (Mongol Manmin Church) at ipinanalangin niya ako na may panyo. Naramdaman ko ang apoy ng Banal na Espiritu na bumaba sa akin, pagkatapos ay uminit ang buong katawan ko. Mula noong oras na iyon, tumubong muli ang buhok ko. Noong Marso, bumalik na ito sa normal.

Mas naging matibay ang buhok ko. Mas maganda ang kulay kaysa dati at naging mas malusog ito. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, nagkaroon ulit ako ng pag-asa. Gusto kong maging lingkod ng Diyos na naghahatid ng pag-ibig ng Panginoon sa hindi mabilang na mga kaluluwang naliligaw at hindi batid ang tunay na kahulugan ng buhay.



Ang kapatid na Bomba Nyamsuren na gumaling sa sakit na alopecia areata pagkatapos ng pananalangin na may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Naging mas malusog ang buhok niya kaysa dati.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin
NO. 42 HULYO 17, 2011

# Pinatunayan ng Medisina Ang Mga Banal na Pagpapagaling ng Diyos!

## Ang Ika-8 Pandaigdigang Pagpupulong Tungkol sa Medisina ng mga Cristiano ay Ginanap sa Australia at Dinaluhan ng mga Doktor Mula sa 27 Bansa



Sa Ika-8 Pandaigdigang Pagpupulong Tungkol sa Medisina ng mga Cristiano, nakinig na mabuti ang mga dumalong doktor sa mga kaso ng banal na pagpapagaling na nagpatunay sa kapangyarihan ng Diyos. Niluwalhati nila ang Diyos sa pamamagitan ng masigabong palakpakan pagkatapos ng bawat presentasyon. (Brisbane Convention & Exhibition Center, Australia)

①


②


Ang WCDN (World Christian Doctors Network o Pandaigdigang Samahan ng mga Cristianong Doktor) ay nagdaos ng kanilang ika-8 pagpupulong sa tema na 'Kabanalan at Medisina' sa Brisbane, Australia noong Hunyo 11 at 12. Dalawandaan at dalawampung mga doktor mula sa 27 bansa ang dumalo.

Ang pagpupulong ay sinimulan ng isang pagbati na ipinalabas sa screen mula kay Dr. Jaerock Lee, tagapagtatag at tagapangulo ng lupon ng WCDN. Sina Dr. Gilbert Chae, pangulo ng WCDN, at Dr. Mieke Kuiper, tagapangulo ng komite na nag-organisa ng pagpupulong sa Australia ang nagbigay ng pambungad na pahayag. Kasunod nito ay sinimulan ang maalab na pulong.

Ang ipinagkaiba ng pagpupulong na ito ay ang mga tagapagsalitang nagkaroon ng personal na karanasan sa kapangyarihan ng Diyos. Ibinahagi ng Australyanong si Dr. Sean Thomas George (Cardiologist, doktor na dalubhasa sa puso) na inatake siya sa puso at muling nabuhay pagkaraan ng 85 minuto dahil sa maalab na pananalangin ng asawa niya. Maganda ang pagtanggap ng mga dumalo sa inihayag niya.

Iprinisinta naman ni Dr. Brian S. Yeo (Integrative Medicine, panggagamot gamit ang pinagsama-samang pamamaraan) ang isang kaso ng pagpapagaling sa isang 14 taong gulang na batang lalaking Koreano, si Haedong Yeo, na naaksidente sa trapiko. Agaw-buhay na siya dahil sa nabasag ang kanyang bungo, subalit pagkatapos siyang ipanalangin ni Dr. Jaerock Lee nagsimula na siyang gumaling. Pagkatapos ng paglalahad, naantig ang damdamin ng mga dumalo nang magbigay ng personal na patotoo si Haedong sa entablado.

Nagpakita rin si Dr. Joonsung Kim (Pediatrician, doktor ng mga bata) ng mga iba't ibang kaso ng sakit sa balat na gumaling sa pananalangin ni Dr. Lee. Kasama sa presentasyon niya ang mga banal na pagpapagaling sa kabataang lalaki na nabalian ng buto sa likod kaya naparalisa (Dr. Mieke Kuiper ng Australia); isang babaing huminto na sa pag-inom ng gamot subalit gumaling ang prolactinoma (bukol sa loob ng ulo) dahil sa pananalig (Dr. Kseniya Emelianova ng Rusya); isang lalaking naghihingalo dahil sa mga sugat sa buto at puso, at mahimalang nabuhay (Dr. Arthur Ferdinand ng Indonesia); at isang babaing napagaling mula sa malalang shock o trauma pagkatapos operahan para tanggalan ng apdo. Marami pang ibang kaso ang ipinakita.

At marami pang ibang mga pagtuturo ang ibinahagi na nagpalakas ng loob sa mga Cristianong doktor. Ang Australyanong doktor na si Lachlan Dunjey, na sinasabing nangunguna sa Christian Medical Ethics (mga tuntuning may kinalaman sa moralidad ukol sa medisina) sa Australia, ay nagsalita tungkol sa euthanasia (pagpatay dahil sa awa) at aborsyon sa temang 'Medicine with Morality' (Medisina kasama ng Moralidad). (Tingnan ang larawan 1) May ilang propesyonal ang naghatid ng mga mensahe na humihimok sa mga Cristianong doktor na ibalik ang tamang tuntunin na may kinalaman sa panggagamot at responsibilidad.

Ang Crystal Singers ng komite ng pagtatanghal ng Manmin Central Church ay umawit ng mga papuri sa 20 wika at sinayaw ang tradisyonal na sayaw ng Korea. Ang mga doktor na dumalo ay nagkaisa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu habang nagpupuri at sumisigaw sa galak kasabay ng grupong nagtatanghal.

Nakita ng mga tao ang maraming nakatalang kaso ng banal na pagpapagaling na nangyari dahil sa kapangyarihan ng Diyos sa bulwagan ng pagtatanghal. Ipinakita rin ang mga larawan ng iba't ibang bahaghari at 'aurora lights' na nakita sa Manmin Central Church.

Nagpadala ng sulat ng pasasalamat kay Dr. Jaerock Lee si Dr. Mieke Kuiper, Direktor ng WCDN ng Australia at Tagapangulo ng komiteng nag-organisa ng kumperensya. Ayon sa sulat, "Nais ko ring personal na magpasalamat sa iyo at sa iyong iglesya sa pananalangin ninyo para maligtas kami sa nangyaring pagbaha at sa napakalakas na bagyo. Walang namatay sa baha sa Brisbane noong Enero – subalit may namatay sa Toowoomba. Dahil sa panalangin ninyo at sa panalangin ng maraming iba pa, walang nasawi nang nanalasa ang bagyong Yassie – ang pinakamalakas sa lahat ng bagyong dumaan sa lugar namin."

Ang susunod na pagpupulong ay gagawin sa Nairobi, Kenya sa 2012.

③



④



■ Larawan 3: Si Dr. Sean George (Cardiologist mula sa Australia) na inatake sa puso at halos mamatay na, subalit muling nabuhay pagkatapos ng taimtim na pananalangin ng asawa niya. ■ Larawan 4: Ang kasong inilahad ni Dr. Brian S. Yeo kung saan ang kanyang anak na lalaki na si Haedong Yeo ay kamuntik nang mamatay dahil nabasag ang bungo subalit lubos na gumaling dahil ipinanalangin ni Dr. Lee.

# Ang mga Mata ng Bulag ay Mabubuksan

"Buhat ng magsimula ang sanlibutan ay hindi narinig kailan man na binuksan ng sinuman ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag. Kung ang taong ito'y hindi galing sa Diyos, Siya ay hindi makakagawa ng anuman." (Juan 9:32-33)

Ang gawang pagbukas ng mga mata ng mga taong ipinanganak na bulag ay nakatala sa Apat na Ebanghelyo lang, na siyang naglalarawan ng ministeryo ni Jesus. Ang mga kahanga-hangang pagpapamalas ng kapangyarihan, mga tanda, at kababalaghan ay mga pagpapatunay na ang Jesus na ipinako sa krus ng mga Judio ay Siyang Mesias na ang pagdating ay inihayag sa Lumang Tipan. Ang kapangyarihan ay katibayang nagpapatunay na ang Diyos ay kasama ng nagpapamalas ng kakayahan at ito ang tiyak na paraan sa pagtatanim ng binhi ng pananampalataya sa mga puso ng mga hindi mananampalataya.

### 1. Ibinukas ni Jesus ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag

Sa Juan 9, nakatala ang isang kamangha-manghang pangyayari sa pamamagitan ni Jesus. Isang Sabbath, nakita Niya at ng mga alagad ang isang taong ipinanganak na bulag. Itinanong ng mga alagad kung sino ang may kasalanan sa pagiging bulag nito. Siya ay sumagot, "Hindi dahil nagkasala siya o ang kanyang mga magulang; ito ay upang mahayag sa kanya ang mga gawa ng Diyos." Pagkatapos, Siya ay dumura sa lupa, at gumawa ng putik mula sa dura, ipinahid sa mga mata ng lalaki, at sinabi sa kanya, "Humayo ka, maghugas ka sa imbakan ng tubig sa Siloam."

Sa palagay ninyo, ano ang nangyari ng mga oras na iyon? Ang taong bulag mula nang ipanganak at namuhay bilang isang pulubi ay nakakita ng liwanag ng mundo nang mabuksan ang mga mata niya. Nangyari ito nang sundin niya ang sinabi ni Jesus.

Marami pang ibang mga taong pinagaling si Jesus sa Biblia. Ang nangyari sa kanya ay may bahagyang kaibahan sa iba pang kaso ng pagpapagaling. Hindi nagmakaawa ang bulag na lalaki kay Jesus para pagalingin siya; sa halip, si Jesus ang lumapit sa kanya at pinagaling siya nang lubos. Bakit tumanggap ang lalaking ito ng kamangha-manghang pagpapala?

### 2. Ang mga dahilan kung bakit tumanggap ang lalaking bulag ng kamangha-manghang pagpapala mula kay Jesus

**Una, siya ay masunurin**

Lumapit sa kanya si Jesus, dumura sa lupa, gumawa ng putik mula sa dura, ipinahid sa mga mata ng lalaki, at inutusan siya, "Humayo ka, maghugas ka sa imbakan ng tubig ng Siloam." Sa katunayan, kung may magkukuwento sa isang ordinaryong tao na may bulag na nakakita dahil pinahiran ng putik ang mga mata niya at hinugasan ng tubig, hindi siya maniniwala dahil wala itong katuturan.

Higit pa riyan, kung maririnig ng mga taong hindi nakakakilala kay Jesus ang iniutos Niya, hindi maniniwala ang karamihan sa kanila. Sasama pa ang loob nila dahil iisipin nilang niloloko sila.

Subalit, hindi ganyan ang nangyari sa taong ito. Naghugas siya sa imbakan ng tubig sa Siloam bilang pagsunod sa Salita ni Jesus. Kaya nakakita ang mga matang bulag mula pa nang ipanganak siya.

Kung iniisip mong ang Salita ng Diyos ay hindi naaayon sa pag-iisip at karanasan ng tao, pagsikapan mo na lang na sumunod na may pusong mapagkumbaba tulad ng lalaking ipinanganak na bulag. At tiyak na makakaranas ka ng kahanga-hangang mga gawa sa pamamagitan ng pagpapala ng Diyos tulad ng nangyaring pagbubukas ng mga mata ng taong iyon.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

**Pangalawa, ang espirituwal na mga mata niya, na siyang kikilala sa katotohanan at sa kasinungalingan ay nabuksan.**

Ang mga lider na Judio noong panahong iyon ay walang espirituwal na pang-unawa kaya hindi nila nakilala si Jesus. Sanhi ito ng matibay na pundasyon mula sa mga tradisyon ng matatanda at ng batas. Gayon pa man, inisip ng taong ipinanganak na bulag na si Jesus ay lingkod ng Diyos dahil pinagaling siya sa pagkabulag niya.

Kung babasahin natin, malalaman natin kung paano niya sinagot ang mga Fariseo pagkatapos na siya'y gumaling, nakikilala niya kung ano ang tama at kung ano ang mali dahil sa kanyang kabutihan.

Nang tanungin ng mga Fariseo kung paano siya nakakita, matapang siyang sumagot, "Pinahiran Niya ako ng putik sa mga mata ko. Pagkatapos, pinaghugas at nakakita na ako." Gayunpaman, hindi nila pinaniwalaan ang sinabi niya at nagpatuloy sa pagtatanong para makakita ng pagkakamali, "Ano ang masasabi mo tungkol sa Kanya, dahil ibinukas Niya ang mga mata mo?" Sumagot ang lalaki, "Siya ay isang propeta."

Hanggang sa huli, ang mga Fariseo ay hindi naniwala sa mga narinig nila. Tinawag pa nila ang lalaking dating bulag at sinabihan, "Bigyan mo ng luwalhati ang Diyos; batid namin na ang lalaking ito ay isang makasalanan."

Kapag narinig natin na may isang bulag na nakakita, natural lang na magsasaya tayo at magdiriwang kasama niya. Gayon pa man, hindi nakilala ng mga Fariseo si Jesus na nagpunta sa lupa bilang Tagapagligtas natin. Hinusgahan nila si Jesus para dakpin at patayin kahit na nakita nila ang mabubuting gawa ng Diyos sa pamamagitan Niya. Nangangahulugan itong lumaban sila sa Diyos. Subalit batid ng bulag na lalaking may malinis na konsiyensya na ang pagpapagaling ay naging posible lang dahil sa Diyos.

**Pangatlo, nagpasiya siyang magbabagong buhay pagkatapos tanggapin ang pagpapala ng Diyos.**

May mga taong bumalik ang kalusugan at tumanggap ng sagot sa mga problema dahil sa pagpapala at kapangyarihan ni Jesu-Cristo, subalit tinalikuran ang pagpapala ng Diyos at bumalik sa kamunduhan. Noong panahong may sakit sila at nahihirapan, pahayag nila, "Mabubuhay ako para lang sa Panginoon sa oras na gumaling ako." Subalit pagkatapos gumaling at tumanggap ng biyaya, ang mga taong ito ay tumatalikod sa pagpapala ng Diyos at naghahangad ng pansariling pakinabang.

Gayon pa man, ang bulag na lalaki ay may mabuting puso na hindi tumalikod sa pagpapalang tinanggap, kaya nakilala niya si Jesus at siya'y nakakita. Higit sa lahat, tinanggap niya ang pinakadakilang biyaya sa lahat, ang biyaya ng kaligtasan. Tinanong ni Jesus, "Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?" at tinuruan siya at sinabi, "Siya'y nakita mo na, at Siya ang nakikipag-usap sa iyo." At pahayag ng lalaki, "Panginoon, sumasampalataya ako." Hindi lang siya basta "naniwala," tinanggap niya si Jesus bilang ang Cristo. Ito ang patotoo ng pananalig kung saan nagpasiya siyang sumunod at mabuhay para sa Panginoon.

Nais ng Diyos na tayong lahat ay lumapit sa Kanya na may pusong katulad ng nabanggit. Nais Niyang hanapin natin Siya, hindi lang dahil pinapagaling Niya tayo at binibigyan ng mga biyaya, kundi dahil gusto Niyang tanggapin natin si Jesus bilang sariling Tagapagligtas. Inaasam Niyang maunawaan natin ang pag-ibig ng Diyos na hindi ipinagdamot ang nag-iisang bugtong na Anak.

## Maikling Balita

### Ipinagdiwang ng Tabata Manmin Church sa Tokyo, Japan ang Kanilang Ika-11 Anibersaryo at Paglipat sa Bagong Santuwaryo

Noong Hunyo 5, inanyayahan ng Tabata Manmin Church sa Tokyo, Japan (si Pastor Kyungtae Cheong ang kasalukuyang ministro) bilang panauhing pastor sa kanilang ika-11 Anibersaryong Pagsamba at paglipat sa bagong santuwaryo si Pastor Heesun Lee, ang Pastor na Tagapamahala at Tagapayo ng Pambansang Grupo ng Kalalakihan at Kababaihan. Noong Linggo ng umaga, nagpahayag si Pastor Lee ng mensaheng "Pananampalataya" batay sa Hebreo 11:6 sa pagbabasbas ng paglipat ng santuwaryo. Kinagabihan, ginanap ang ika-11 anibersaryong pagsamba sa tema na "Espirituwal na Pinuno" batay sa Josue 1:6-8. Nagtanghal ang grupo ng Power Praise ng ating iglesya pagkatapos maihayag ang mensahe. Kasunod nito ay nagsagawa ng Pulong Panalangin na may Panyo kung saan marami sa dumalo ang napagaling. Si Diakonesa Seona Kim, 35 taong gulang, ay napagaling sa kanyang hika; gumaling sa matinding sakit ng ulo si sister Hajin, 25 taong gulang; at naging malinaw ang paningin ni Shimizu Nami, 29 taong gulang.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |



# Ang Kapangyarihan ng Diyos

Gaano kaya kasaya kung ang mga taong may malabong paningin ay nagkaroon ng malinaw na mga mata nang hindi nagpapagamot o nagsasalamin? Totoong nangyari ito sa Manmin Central Church sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee.
Niluluwalhati namin ang Diyos dahil sa maraming napagaling sa astigmatism, xerophthalmia, at iba pang karamdaman sa paningin.

## Naibalik ang Linaw ng Paningin

### "Masaya ako dahil gumaling ang aking Xeroma, Malabong Paningin, at Herniated Cervical Disc!"

**Diakonesa Seonghee Ryu** (2-4 Misyong Pangkababaihan)



Napakasaya ng buhay ko ngayon, punung-puno ng pag-ibig ng Panginoon. Pitong taon na ang nakakaraan, mahanginan lang ng kaunti ang mga mata ko ay nagluluha na dahil sa xeroma (hindi normal na panunuyo ng mga mata). Maya't maya ay inaayos ko ang make-up ko kaya hindi na kumportable ang pakiramdam.

Nang mabalitaan ko na may gaganaping Espesyal na Pagtitipon ng Banal na Pagpapagaling, may pananabik na pinaghandaan ko ito, at nag-alay ako sa Diyos ng pag-aayuno tuwing umaga. Noong Hunyo 10, nakakita ako ng mga ilaw na berde at asul habang nananalangin si Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa altar. Magmula noon, nawala na ang panunuyo ng mga mata ko at naging malinaw na ang paningin ko.

Hindi ko mabasa ang maliliit na letra, at napakahirap para sa akin na magpasok ng sinulid sa karayom. Noong Abril 2011, nagpasuri ako ng mata. Ayon sa resulta, mayroon akong 0.3/0.5 na paningin, astigmatism, at farsightedness. Subalit noong Mayo 20, dahil sa pananalangin ni Dr. Lee, naging mas malinaw ang mga mata ko at naging 0.9/0.9 at gumaling din ang astigmatism ko.

Higit pa riyan, pinagaling ng Diyos ang pagiging farsighted ko sa Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling. Noong Hunyo 17, nagpasuri ulit ako ng mga mata at mayroon na akong paningin na 1.2/1.2. Hallelujah!

Hirap din akong makatulog dahil napakasakit ng batok ko. Nagpamasahe na ako at sumubok ng oriental o panggagamot na ginagamit ng mga Asyano, subalit hindi ito nakatulong. Hindi ako makatingala, at makalingon sa kaliwa man o sa kanan.

Noong Pebrero, nasuri na may herniated cervical discs ako (natutuyong mga tisyu sa mga buto sa batok). Nakita sa resulta ng pagsusuri na ang pangatlo at pang-apat na buto ko sa batok ay dumidiin sa mga ugat ko kapag tumitingala o lumilingon ako. Mayroon din akong malalang sakit sa gulugod at coccyx (maliit na hugis tatsulok na buto sa dulong ibaba ng gulugod). Gayon pa man, napagaling din ito ng pananalangin ni Dr. Lee noong Mayo 20. Inihahandog ko ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos Ama na lubos na nagpagaling sa akin.

### "Wow! Napakalinaw at Napakaliwanag ng Santuwaryo Natin!"

**Kapatid na Heeyoung Yoon** (Misyon sa mga nasa Ika-8 Grado)



Mula noong bata ako nagbababad na ako sa computer. Napakaliit ko kaya kailangang ilapit ko ang mukha ko dito para makagamit. Lumabo ang mga mata ko dahil dito. Noong nasa ika-4 na grado ako, ang paningin ko ay 0.6/0.5. Lumala ito at bumagsak sa 0.3/0.3.

Tumutugtog ako ng bass guitar sa Sabadong Pagsamba ng mga Estudyante. Napakalabo ng mga mata ko kaya hindi ko na mabasa ang mga nota. Isinasaulo ko na lang ang mga ito. Sa harapan ng klase ako nauupo dahil kapag sa likuran, lilipat din ulit ako sa harapan para makakopya. Kahit malabo ang mga mata ko, hindi ako nagsusuot ng salamin dahil may nagsabi sa akin na mas lalabo pa ang mga mata ko at hindi ito kumportable.

Gayon pa man, noong Hunyo 10, naranasan ko ang dakilang pag-ibig ng Panginoon sa Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling. Nagsisi ako nang lubos, lumuluha at sinisipon habang nananalangin si Dr. Lee para sa mga maysakit. Pinagsisihan ko ang pagbabansag ko ng masasama sa mga kaibigan ko, paglalaro ng mga hindi magagandang laro, at pagyayabang dahil mas magaling akong tumugtog ng gitara kaysa sa mga kaibigan ko.

Noong sandaling pumasok sa puso ko ang apoy ng Banal na Espiritu, naramdaman kong umabot ito sa mga mata ko. Kaya nagmulat ako ng mata. Napakalinaw ng paligid ko. Nang umakyat ako sa altar para magbigay ng patotoo, napuspos ako ng ligaya dahil ang santuwaryo, na dati ay madilim ang tingin ko, ay napakalinaw at maliwanag.

Hindi ko nakikita dati ang bandang likuran ng santuwaryo, subalit ngayon ay nakikita ko na kaya pakiramdam ko ay nasa ibang santuwaryo ako. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa Kanyang pag-ibig at pagpapala.

### "Akala Ko Nangangarap Lang Ako Dahil Inalis Ko ang Salamin na 25 Taon Kong Suot!"

**Diakonesa Bongsook Ko** (1-4 Misyong Pangkababaihan)



Sa loob ng 25 na taon, mula nang ako ay nasa mataas na paaralan, palagi na akong nakasalamin. Isang araw, natapakan ni Jaemin Kim (11 taong gulang na anak kong lalaki) ang salamin ko kaya nabasag ito.

Nagdusa ako sa sobrang pagkahilo at sakit ng ulo sa mga sumunod na araw dahil wala akong salamin, kaya hindi rin ako nakapaglakad ng maayos. Pakiramdam ko ay umaalon ang lupa palapit sa akin. Pa-ekis-ekis ang lakad ko dahil sa astigmatism. Nakapatong sa mukha ko ang salamin ko, kaya nagsusugat ang pisngi ko.

Samantala, may magandang balita akong narinig na si Dr. Lee ay mangunguna sa Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling. Pinaghandaan ko ito nang may pananabik. Sinimulan kong iwaksi ang mga nakagawian kong masasamang ugali, ang katamaran ko, at habang sinusuri ang sarili, isinulat kong isa-isa ang kasamaan sa puso ko.

Noong Hunyo 10, sa Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling, napuspos ako ng Banal na Espiritu at pusong mapagpasalamat habang nagpupuri sa Diyos. Inialay din sa Diyos ng anak ko ang pagsamba habang lumuluha.

Nag-init ang katawan ko nang tanggapin ko ang pananalangin ni Dr. Lee. Nakakabiglang bumuti ang paningin naming mag-ina!

Inalis ko ang salamin ko at nawala ang pagkahilo ko. Masaya din ang anak ko dahil nakikita na niya ang nakasulat sa pisara sa eskuwelahan. Iniaalay ko ang buong pasasalamat at luwalhati sa Amang Diyos.